



Ang Sentro ng CEASE Crisis ng mga Ospital ng Tung Wah Group ay nagbibigay ng mga serbisyong pamamagitan at suporta sa suliranin na naglalayong maglingkod sa mga biktima ng karahasang sekswal at sa mga indibidwal / pamilyang nakararanas ng karahasan sa tahanan / karahasan sa matalik na kapareha o ibang mga suliranin sa pamilya.

Kasama sa aming komprehensibong mga serbisyong suporta ang 24-oras na serbisyong hotline, serbisyong pag-aabot at serbisyong pansamantalang tuluyan. Kami rin ay nagbibigay ng mga grupong pang-edukasyon sa komunidad at mga programa upang suportahan ang iba't ibang mga komunidad ng etniko minorya.

MGA KATANUNGAN

☎ 18281

📍 Address ng pakikipag-ugnayan:
6/F, TWGHs
Wong Fung Ling Memorial Building,
12 Po Yan Street, Sheung Wan,
Hong Kong (Fwd. to CEASE Crisis Centre)

📠 2703 4111

✉ ceasecrisis@tungwah.org.hk

🌐 ceasecrisis.tungwahcsd.org

📍 TWGHs CEASE Crisis Centre



KAMI AY NANDITO UPANG TUMULONG

Mga Ospital ng Tung Wah Group
Sentro ng CEASE Crisis
Mga Serbisyong Pamamagitan at Suporta sa Suliranin

MGA LAYUNIN NG SERBISYO

- May pananaw na sensitibo sa kultura,
- Upang matulungan ang mga indibidwal na nangangailangan at kanilang mga pamilya na mahawakan ang biglaang suliranin.
- Upang maabot at magbigay ng edukasyon sa komunidad sa iba't ibang pangkat ng etniko minorya.



MGA TARGET NG SERBISYO

(anuman ang edad, kasarian, lahi at sekswal na katayuan)

- Mga biktima ng karahasang sekswal
- Mga indibidwal o pamilyang nakaranas ng karahasan sa tahanan / karahasan sa matalik na kapareha (IPV), kabilang ang mga batang nakasaksi sa IPV, panggugulpi ng asawa (kabilang ang lalaking ginulpi), at pang-aabuso sa matanda
- Mga komunidad ng etniko minorya



MGA SAKLAW NG SERBISYO

- Pagpapayo sa kaso at pangkat
- 24-oras na Hotline na sinasagot ng mga rehistradong manggagawang panlipunan
- 24-oras na agarang Serbisyong Pag-aabot (para sa mga biktima ng Karahasang Sekswal)
- Serbisyong Pansamantalang Tuluyan (Hindi lalampas sa 2 linggo)
- Mga Serbisyong Pagsasangguni at Suporta
- Edukasyon sa komunidad

BAYAD

- Libre



PAG-APPLY PARA SA MGA SERBISYO

- Tumawag sa 24-oras na Hotline: 18281



PAGWAWAKAS NG MGA SERBISYO

- Parehong kasunduan sa pagitan ng tagagamit ng serbisyo at responsableng manggagawang panlipunan para sa pagsasara ng kaso; ang mga tagagamit ng serbisyo ay maaari ring humiling ng pagwawakas ng serbisyo.

